# Book Review

**Jorge Bayona**

Balce, Nerissa. *Body Parts of Empire : Visual Abjection, Filipino Images, and the American Archive*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2017.

Si Nerissa Balce ay Propesor sa Departamento ng Asian and American Studies sa Stony Brook University at ang *Body parts of empire: visual abjection, Filipino images, and the American archive* ang kanyang unang libro. Sa akdang ito, idinidiin niya ang kahalagahan ng konsepto ng abjection upang pagtibayin ang kanyang argumento. Ayon kay Balce nangangahulugan ang abjicere na "to expel, to cast out or away" (p. 21) sa wikang Latin, at ginagamit niya ang konseptong ito sa dalawang paraan. Abject bodies ang mga Pilipino—lalaki, babae, bata, insurrecto, amigo—para sa mga mananakop na Amerikano dahil sa itinuring nilang mga mabagsik (savage) ang mga Pilipino at kung gayon dapat silang baguhin o kung hindi ma'y tuluyang alisin. Para kay Balce, hindi lang ang mga Pilipino ang *abjected,* kundi ang buong digmaan din. Sa kabila nito, tila nakalimutan na ng mayorya ng mga kasalukuyang Amerikano ang digmaang Pilipino-Amerikano, dahil hindi ito bumabagay sa sariling imahen nila ng Estados Unidos na isang "bayang makatarungan".

Nilinaw ni Balce na ang kanyang libro ay hindi tungkol sa mismong digmaang Pilipino-Amerikano o sa potograpiya ng digmaan. Tumutuon ang aklat na ito sa kultura ng mga Amerikano at ang paglikha sa talakayan ng konsepto ng *imperial abjection*. Sinusuri niya ang tatlong arkibong konektado sa konsepto ng abjection: ang potograpiya ng digmaan, ang pahayagan ng mga Aprikanong-Amerikano sa Estados Unidos (at ang representasyon ng mga Pilipino bilang Aprikanong-Amerikano), at ang mga ulat na paglalakbay ngmga puting

kababaihan. Ang bawat arkibo ay nagpapamalas ng kundisyon ng pagiging abjected sa sarili nitong paraan. Inilarawan ang litrato ng mga Pilipino bilang mabagsik, samantalang may diskriminasyon din sa paglalarawan ng mga Aprikanong-Amerikano at puting babae. Pero sa karaniwan, ay pumapanig ang mga puting babae sa imperyalismo. Ipinangalan ni Balce sa mga parte ng katawan ng tao, bilang metapora, ang bawat kabanata ng libro: buto para ang kabanata tungkol sa mga litrato, balat sa kabanata tungkol sa mga Aprikanong-Amerikano, at apdo ang kabanatang tumutukoy sa mga puting babae. Kung kaya't ito ay kanyang pinangalanang *Body parts of empire.*

Nagpapakilala ng mga interesanteng pananaw si Balce sa bawat kabanata ng kanyang libro. Sa kabanata ukol sa mga larawan, ginagamit niya ang konsepto ng "necropolitics" ni Achille Mbembe upang unawain ang mga larawan ng mga namatay na Pilipino noong Digmaang Pilipino-Amerikano. Tulad ng mga larawan ng mga nangamatay na katutubong Amerikano, pinatutunayan ng mga larawang iyon ang kapangyarihang Amerikano para pagpasyahan ang buhay at kamatayan ng mga abject bodies. Pinalalakas nito ang kaisipan ng *white imperial masculinity*. Gamit ang mga larawang nagpapakita ng pagkamasunurin (docility), gaya ng mga bata sa paaralan at mga babaeng nagbuburda, hindi lamang pinatutunayan ng mga Amerikano ang kanilang pagkapanalo sa digmaan. Ipinakikita rin nila ang kanilang tagumpay sa misyon ng pagpapalaya at paggapi sa mga "mabagsik" na mga rebolusyonaryo.

Naging mahalagang gamit ang mga larawan sa pagpapalaganap ng imperyong Amerikano. Sa kabanata tungkol sa mga Aprikanong-Amerikano, idinidiiin niya ang dalawahang landas na nag-uugnay sa mga Pilipino at mga Aprikanong-Amerikano. Ipinahayag ng maraming Aprikanong-Amerikano ang pagkakaisa ng kanilang lahi sa mga Pilipino (*racial solidarity*), dahil batid nila na sa digmaang ito, ipapataw rin sa Pilipinas ang white supremacy, samantalang lantad ang mga Aprikanong-Amerikano sa Estados Unidos sa mga lynching (pagbitay) at iba pang karahasan laban sa kanilang lahi. Sa kabilang banda, inilarawan ng mga puting Amerikano sa maraming karikatura ang mga Pilipino bilang Aprikanong-Amerikanong nagtataglay

rin ng kahalintulad na mga negatibong katangian. Ipinalagay na hindi handa para sa pagsasarili (*unfit for self-rule*) ang parehong pangkat. Sa huli, batay sa kabanata ukol sa mga puting babaeng manlalakbay, ipinakikita ni Balce kung paano pinatunayan ng nasabing teksto ang patuloy na pakikipaglaban ng mga Pilipino laban sa kolonyalismo ng mga Amerikano—kahit na umano'y "tapos na" ang digmaan. Liban kay Helen Calista Wilson, mababasa sa kanilang paglalarawan ang marahas at mabagsik na katangian ng mga Pilipinong rebolusyonaryo, na lalong nagpatibay sa kanilang pagdamay at pagsuporta sa imperyo.

Naglalahad ang *Body parts of empire* ng maraming interesanteng koneksiyon sa kasalukuyan tulad ng paghahambing sa mga litrato ng mga patay o pinahirapang Iraqi at Pilipino. Pero may ilan ding ideyang higit na dapat nilinaw tulad ng seksiyon tungkol kay Dean Worcester at ang mga kaniyang litrato ng mga hubad na babae. Hindi maliwanag para sa akin kung bakit ang seksiyon tungkol kay Worcester ay hindi napabilang sa kabanata tungkol sa potograpiya. Bukod pa rito, sa unang kabanata ipinapakilala ni Balce ang konsepto ng "porno-tropics" ni Anne McClintock upang maintindihan ang pagkahumaling ng mga lalaking puti nang pinagmasdan nila ang mga litrato ng mga hubad na babae sa "tropics" ng kanilang imperyo. Sa kasamaang-palad, hindi ginagamit ang konseptong ito sa seksiyon tungkol kay Worcester.

Tila ang pag-aaral ni Balce ay mas naimpluwensyahan ng *Literary Studies, Visual Studies, o Gender Studies* kaysa sa disiplina ng Kasaysayan. Subalit hindi ito isang kahinaan. Ang mga pagsusuring kagaya nito ay may malaking ambag sa pag-aaral ng digmaang Pilipino-Amerikano. Magagamit ang kontribusyong ito sa Philippine Studies o kaya naman sa Interdisciplinary Studies, lalo na sa mga graduate seminars. Subalit maraming ideya mula sa *critical theory* ang nabanggit sa unang kabanatang "The abject archive of the Philippine-American War" na marahil ay hindi angkop para sa mga undergraduate students na nag-aaral pa lamang ng mga panimulang kurso. Sa pangkalahatan, ito'y isang mahalaga't interesanteng libro at mapalad tayo na ang Ateneo de Manila University Press ay naglathala ng bersyong para sa Pilipinas.